Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-28 NG SETYEMBRE, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni<br>Pansamantalang Nangulo sa Hapag |
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | Kasangguni |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | Kasangguni |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |

---

KAPASYAHANG PANLUNGSOD BLG. 203-2020

ISANG KAPASYAHANG PANLUNGSOD NA MARIING KUMOKONDENA SA MGA IREGULARIDAD SA PROCUREMENT PROCESS NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD AT BUONG-LAKAS AT MAHIGPIT NA HUMIHILING SA MABUNYING PUNONG LUNGSOD - KGG. GILBERT T. GATCHALIAN NA MAGSAGAWA NG IMBESTIGASYON HINGIL SA MGA PAGLABAG SA ITINATADHANA NG REPUBLIC ACT NO. 9184 O MAS KILALA SA TAGURING "GOVERNMENT PROCUREMENT ACT" PARTIKULAR ANG PROBISYON SA PAGBABAWAL SA "SPLITTING OF CONTRACTS" AT SA NAGANAP NA SABWATAN SA MGA NAGING TRANSAKSYON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD GAYA NG "CHRISTMAS GROCERY PACK" NOONG DISYEMBRE, 2019 AT KAGYAT NA MAPATAWAN NG KAUKULANG KAPARUSAHAN AT MAKAPAGHAIN NG KASONG ADMINISTRATIBO AT KRIMINAL LABAN SA MGA MAPAPATUNAYANG NAGKASALA AT PATAWAN NG PREVENTIVE SUSPENSION ANG MGA KASAPI NG BAC, BAC-TWG AT BAC-SECRETARIAT.

AKDA NINA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCSICO J. CASTRO, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG DIONISIO C. MENDOZA, KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

SAPAGKAT, batay sa itinatagubilin ng Saligang Batas ng Pilipinas ng 1987 ay gampanin ng estado na mapanatili ang katapatan sa paglilingkod, lalo't higit ang pagpapalakas ng mga polisiya ukol sa paglaban at pagpigil sa anumang uri ng korapsyon sa burokrasya mula sa Pamahalaang Nasyunal hanggang sa mga Pamahalaang Lokal;

SAPAGKAT, binibigyang-diin ng Kataas-taasang Hukuman na ang paglilingkod lipunan ay nakabatay sa tiwala ng taumbayan o ang prinsipyo sa batas na "Public Office is a Public Trust";

SAPAGKAT, binalangkas ng sangay ng lehislatura ang Republic Act No. 9184 o mas kilala sa taguring "Government Procurement Act" na may layuning laban ang anumang uri ng korupsyon sa mga transaksyong pinansyal ng bawat ahensya ng pamahalaan;

SAPAGKAT, batay pa din sa nabanggit na batas ay inaatasan ang pagsasagawa ng "Competitive Bidding" sa mga transaksyong higit sa Walong Daang Libong Piso (Php800,000.00) upang matiyak na ang papasuking kontrata ay hindi laban sa interes ng Pamahalaan at matiyak na maging episyente ang pagbili nito ng mga kagamitan o sa pagpapatupad ng mga programa at proyekto;

SAPAGKAT, pinagtibay ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos ang Taunang Paglalaan o ang Appropriation Ordinance sa halagang Isang Bilyon at Apat na Milyong Piso (Php1.4B) para sa taong 2019 at kabilang dito ang mga proyekto gaya ng 20% Development Fund, 5% Calamity Fund at iba pa;

SAPAGKAT, buo ang pagnanais ng Sangguniang Panlungsod na tiyakin ang mga paglalaang ito ay magagamit sa tama, legal at wastong pamamaraan ng naaayon sa mga umiiral na batas at panuntunan;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI · KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI · KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI · KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI · KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI · KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI · KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI · KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI · KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI · KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI · KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

-----------------------------------x

SAPAGKAT, alinsunod sa City Appropriation Ordinance, ang Pamahalaang Panlungsod ay nakatakdang mamahagi at maghandog ng "CHRISTMAS GROCERY PACKS" sa mga Pamilyang Malolenyo para sa pagdiriwang ng kapaskuhan ng taong 2019;

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Panlungsod ng Malolos ay nakapagpamahagi ng humigit-kumulang 20,000 Christmas Grocery Packs simula noong ika-3 ng Distyembre, 2019;

SAPAGKAT, sa naging pagsisiyasat ng Sangguniang Panlungsod sa mga dokumento buhat sa Bids and Awards Committee (BAC) sa pangunguna ni G. Francisco Domingo, Jr., BAC Chairman at Tagapangasiwang Panlungsod ay walang naganap na "PUBLIC BIDDING" sa nasabing transaksyon;

SAPAGKAT, sa mga dokumento na naiprisinta sa mga pagdinig na isinagawa ng Lupon sa Kabuuan ay may halaga ang nasabing transakyon ng humigit-kumulang Php8,000,000.00 o higit sa threshold na itinalaga ng batas;

SAPAGKAT, batay pa din sa mga pag-aaral sa Lupon sa Mabuting Pamamahala ay tahasang inamin at inako ng Tagapangasiwang Panlungsod ang kawalan ng "Public Bidding" ng transaksyong nabanggit;

SAPAGKAT, ayon sa mga testimonya ng mga "Suppliers" na dumalo sa pagdinig ng lupon ay tahasan nilang inamin na noong mga panahong iyon ay kinausap sila ni G. Francisco Domingo, upang mag-supply ng mga Spaghetti Noodles, Spaghetti Sauce, Canned Goods, Cheese Blocks, Fruit cocktails at Condensed Milk na direktang isu-supply sa Pamahalaang Panlungsod ng Malolos;

SAPAGKAT, inamin din ng bumubuo ng Bids and Awards Technical Working Group (TWG) at Secretariat na walang dokumento na nagpapatunay ng pagdaan ng transaksyong ito sa legal na proseso, gaya ng PhilGEPS Posting, Minutes of the Meeting, Pre-Bid Conference at iba pa na naaayon sa mga umiiral na batas at panuntunan;

SAPAGKAT,sa loob ng halos siyam (9) na buwan ay hindi naipagkaloob ang mga dokumentong kinakailangan para sa pag-aaral ng Sangguniang Panlungsod na nagbunsod ng duda o agam-agam sa otentisidad ng mga ito na labag din sa itinatadhana ng 'Ease of Doing Business and Efficient Delivery of Government Services Act';

SAPAGKAT, sa halip na magsumite ng mga dokumento ay nagpalabas ang Tanggapan ng Tagapangasiwang Panlungsod ng isang kalatas sa lahat ng mga Tanggapan na ang mga dokumentong hihilingin o hinihiling ng Sangguniang Panlungsod na sipi para sa pag-aaral nito 'in aid of legislation' ay dapat munang idaan sa Tanggapan ng Tagapangasiwang Panlungsod para sa pagpapahintulot ng Punong Lungsod at ng Tanggapan ng Panlungsod na Manananggol;

SAPAGKAT, ang nasabing kalatas ay para lamang at partikular sa mga kahilingan ng Sangguniang Panlungsod na isang malinaw na paglabag sa Executive Order ukol sa 'Freedom of Information;'

SAPAGKAT, sa ipinalabas na kalatas ng Punong Lungsod ay binibigyan nito ng pitumpu't dalawang oras (72 hours) ang mga kasapi ng Bids and Awarsd Committee (BAC) na magpaliwanag kung bakit may naganap na "SPLITTING OF CONTRACTS";

SAPAGKAT, ang mga kaganapang ito ay labag sa prinsipyo ng katarungan at 'TRANSPARENCY AND ACCOUNTABILITY';

KUNG KAYA'T BUONG-LAKAS AT MAHIGPIT NA HUMIHILING SA MABUNYING PUNONG LUNGSOD – KGG. GILBERT T. GATCHALIAN, NA MAGSAGAWA NG IMBESTIGASYON HINNGIL SA MGA PAGLABAG SA ITINATADHANA NG REPUBLIC ACT NO. 9184 O MAS KILALA SA TAGURING "GOVERNMENT PROCUREMENT ACT" PARTIKULAR ANG PROBISYON SA PAGBABAWAL SA "SPLITTING OF CONTRACTS" AT SA NAGANAP NA SABWATAN SA MGA NAGING TRANSAKSYON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD GAYA NG "CHRISTMAS GROCERY PACK" NOONG DISYEMBRE, 2019.

IPINASIYA PA DIN, NA KAGYAT NA MAPATAWAN NG KAUKULANG KAPARUSAHAN AT MAKAPAGHAIN NG KASONG ADMINISTRATIBO AT KRIMINAL LABAN SA MGA MAPAPATUNAYANG NAGKASALA.

IPINASIYA PA DIN, NA PATAWAN NG PREVENTIVE SUSPENSION ANG MGA KASAPI NG BIDS AND AWARDS COMMITTEE (BAC), BAC TECHNICAL WORKING GROUP AT BAC SECRETARIAT.

IPINASIYA PA DIN, ANG KAGYAT NA PAGBABAGONG BALANGKAS SA KOMPOSISYON NG BIDS AND AWARDS COMMITTEE (BAC);

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. [illegible] C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

IPINASIYA PA DIN, NA GAMPANAN NG PUNONG EHEKUTIBO ANG KANYANG KAPANGYARIHAN SA ILALIM NG SEKSYON 455 NG REPUBLIC ACT NO. 7160 O MAS KILALA SA TAGURING KODIGO NG PAMAHALAANG LOKAL NG PILIPINAS, HINGGIL SA PAGPAPATAW NG KAPARUSAHAN SA MGA KAWANI NITO NA LUMABAG SA MGA UMIIRAL NA BATAS (DISCIPLINARY POWER);

IPINASIYA PA DIN, NA ANG SANGGUNIANG PANLUNGSOD AY PATULOY NA MAGBABANTAY SA MGA PROSESO NG PAGGUGOL NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD SA LAHAT NG TRANSAKSYON NITO, GAYUNDIN ANG PAG-AARAL NITO PARA SA MGA GAWAING LEHISLASYON UPANG MAS MAPABUTI ANG PAGLILINGKOD SA MGA MAMAMAYAN NITO.

PINAGTIBAY.

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

*KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

*KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sangguniang Panlungsod.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI - Pansamantalang Nangulo sa Hapag

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*09292020